




State of California—Health and Human Services Agency  
Department of Health Care Services



DATE: January 26, 2022

Medi-Cal Eligibility Division Information Letter No.: I 22-02

TO: ALL COUNTY WELFARE DIRECTORS  
ALL COUNTY ADMINISTRATIVE OFFICERS  
ALL COUNTY MEDI-CAL PROGRAM SPECIALISTS/LIAISONS

SUBJECT: OLDER ADULT EXPANSION AND ASSET LIMIT CHANGES GLOBAL OUTREACH  
LANGUAGE

The purpose of this Medi-Cal Eligibility Division Information Letter (MEDIL) is to provide counties with global outreach language related to the Older Adult Expansion and changes to the asset limits for Non-MAGI Medi-Cal, for immediate use. The goal of the outreach language is to inform beneficiaries and prospective applicants of upcoming changes to Medi-Cal which will expand eligibility for full scope Medi-Cal to all individuals who are 50 years of age or older who meet all Medi-Cal eligibility criteria and immigration status does not matter. Additionally, the outreach language provides information to counties, beneficiaries, and applicants on increased limits on net, non-exempt assets in order to inform choices about applying for Medi-Cal.

### Background

The global outreach language includes messaging that can be used in various forms of outreach including social media posts, call scripts, and county website content. While counties are not required to utilize this language, the Department of Health Care Services (DHCS) highly recommends counties utilize this messaging and integrate it into their outreach and social media campaigns. Counties may modify the global outreach language to meet any business need in utilizing the language; however, the intent of the language must remain the same to retain consistency in messaging.

DHCS is sharing the global outreach language broadly for use by Medi-Cal Managed Care Plans, other State departments, Medi-Cal providers, and other community partners for use in their outreach activities.

If you have any questions or require additional information, please contact:

Medi-Cal Eligibility Division Information Letter No.: I 22-02

Page 2

January 26, 2022

- Jillian Davis by phone at (916) 345-8172 or by email at [Jillian.Davis@dhcs.ca.gov](mailto:Jillian.Davis@dhcs.ca.gov)
- Daniela Gutierrez by phone at (916) 345-8501 or by email at [Daniela.Gutierrez@dhcs.ca.gov](mailto:Daniela.Gutierrez@dhcs.ca.gov).

**ORIGINAL SIGNED BY**

Sandra Williams, Chief  
Medi-Cal Eligibility Division

Enclosures



## Global Language and Messaging Snippets

### Flyer/Insert Snippet

Minamahal Naming Miyembro o Aplikante ng Medi-Cal,

Mayroong mga pagbabago na mangyayari sa mga programa ng Medi-Cal para sa mga mas nakatatanda at may kapansanan, kung saan posibleng mas maraming mga tao ang makakuha ng saklaw ng Medi-Cal. Ang mga pagbabagong ito ay magpapahintulot din sa mga mayroong Medi-Cal na magkaroon ng mas maraming ari-arian.

#### **Older Adult Expansion**

Ang Older Adult Expansion ay magiging epektibo sa Mayo 1, 2022. Pinapalawak ng Expansion ang karapatan ng mga tao na nasa edad 50 o higit pa para sa full scope Medi-Cal na nakatugon sa lahat ng pamantayan ng Medi-Cal, at hindi mahalaga ang estado sa imigrasyon. Kung mayroon kang aktibong restricted scope Medi-Cal sa Mayo 2022, ikaw ay awtomatikong malilipat sa full scope Medi-Cal. Kung makatanggap ka ng abiso para sa pag-rerenew, mangyaring punan ito at ibalik sa tanggapan ng county upang hindi maantala ang pagpo-proseso nito.

Kung wala kang aktibong restricted scope Medi-Cal, maaaring mag-apply online sa Medi-Cal, gamit ang koreo, telepono, sa lokal na tanggapan ng iyong county, sa fax, o nang personal. Kung ikaw ay nag-kwalipika para sa full scope Medi-Cal sa ilalim ng Older Adult Expansion, ikaw ay makakatanggap ng abiso na magsasabing ikaw ay karapat-dapat sa full scope Medi-Cal at ang petsa ng pagsisimula, na magiging Mayo 1, 2022 o pagkatapos.

#### **Mga Pagbabago sa Limitasyon sa Asset**

Tataas ang limitasyon sa asset ng mga taong nasa mga programa ng Medi-Cal na edad 65 o mas matanda o may kapansanan sa Hulyo 1, 2022. Kasama sa mga pagbabagong ito ang mga bagay na iyong pagmamay-ari, na maaaring bilangin para sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Kasama sa mga bagay na ito ang account sa bangko, pera, pangalawang sasakyan at mga bahay, at iba pang mapagkukunan ng pananalapi. Ang mga nakaraang limitasyon ay \$2,000 para sa isang tao, at \$3,000 para sa mag-asawa. Ang mga bagong limitasyon ay \$130,000 para sa isang tao, at dagdag na \$65,000 para sa bawat dagdag na miyembro ng pamilya. Kung ikaw ay naniniwala na maaari kang maging karapat-dapat sa Medi-Cal sa sandaling magsimula ang bagong limitasyon, hinihikayat kang mag-apply. Kung ikaw ay kasalukuyang nasa isang programa ng Medi-Cal na mayroong limitasyon sa asset, maaari manatili ito ng higit pa kaysa sa dati. Mangyaring makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng Medi-Cal ng iyong county kung mayroong kang mga katanungan.



## DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

### Mga Tanong?

Kung mayroon kang mga katanungan, o kung tinanggihan ang iyong aplikasyon sa Medi-Cal, mangyaring makipag-ugnayan sa tanggapan ng iyong lokal na county. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong county dito: <http://dhcs.ca.gov/COL>.

### Website Text for County Office

Mayroong mga pagbabagong dadating sa mga programa ng Medi-Cal para sa mga mas matanda at may kapansanan, kung saan posibleng mas maraming mga tao ang makakuha ng saklaw ng Medi-Cal. Ang mga residente ng California na edad 50 o mas matanda pa na nakatugon sa lahat ng pamantayan ng Medi-Cal ay maaaring makakakuha ng full scope Medi-Cal at ang estado sa imigrasyon ay hindi mahalaga. Ang ibang tao ay maaaring magtago ng mas maraming ari-arian (tulad ng pera sa checking o savings na mga account) habang nananatili sa Medi-Cal.

### Website Banner

**Mahalaga:** Darating na ang mga pagbabago sa mga tuntunin ng Medi-Cal! Ang Medi-Cal ay magiging available sa lahat ng tao na edad 50 o mas matanda pa na nakatugon sa lahat ng pamantayan ng Medi-Cal, ang estado sa imigrasyon ay hindi mahalaga. Ang mga pagbabagong ito ay magbibigay daan din sa mga tao na makapagtago ng mas maraming ari-arian at mag-kwalipika sa Medi-Cal. Tanungin ang lokal na tanggapan ng iyong county.

### Social Media

Mensahe

Imahe



Ikaw ba ay nasa edad 50 o higit pa? Hindi ka pa ba nakakakuha ng full scope Medi-Cal dahil sa estado ng iyong imigrasyon? Simula Mayo 1, 2022, lahat ng residente ng California na may edad 50 o pataas na nakatugon sa lahat ng pamantayan ng Medi-Cal ay magiging kwalipikado sa full scope Medi-Cal.

Ang estado sa imigrasyon ay hindi mahalaga. Upang malaman kung ikaw ay kwalipikado o para makakuha ng mas maraming impormasyon, makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong county.

**Ang mga Californians na may edad 50 o pataas ay maaaring maging kwalipikado sa mas maraming benepisyo ng Medi-Cal.**

Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county ngayon.



Ikaw ba ay nasa edad 50 o higit pa? Hindi ka pa ba nakakakuha ng full scope Medi-Cal dahil sa estado ng iyong imigrasyon? Simula Mayo 1, 2022, lahat ng residente ng California na may edad 50 o pataas na nakatugon sa lahat ng pamantayan ng Medi-Cal ay magiging kwalipikado sa full scope Medi-Cal.

Ang estado sa imigrasyon ay hindi mahalaga. Upang malaman kung ikaw ay kwalipikado o para makakuha ng mas maraming impormasyon, makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong county.

**Ang mga Californians na may edad 50 o pataas ay maaaring maging kwalipikado sa mas maraming benepisyo ng Medi-Cal.**

Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county ngayon.





Alam mo ba na kung ikaw ay residente ng California na may edad 50 o mas matanda pa ay maaari kang mag-kwalipika sa full scope Medi-Cal simula Mayo 1, 2022 anuman ang estado ng iyong imigrasyon? Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county upang mag-apply at malaman ang iba pang impormasyon. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong county.

**Ang mga Californians na may edad 50 o pataas ay maaaring maging kwalipikado sa mas maraming benepisyo ng Medi-Cal.**

Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county ngayon.



Simula Hulyo 1, 2022, ang mga pagbabago sa limitasyon sa mga asset ay maaaring mangahulugan na maaari kang magkaroon ng mas maraming ari-arian at manatili pa rin sa Medi-Cal. Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county para sa karagdagang impormasyon. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong county.

**Panatilihin ang iyong mga asset at manatiling karapat-dapat para sa Medi-Cal.**

Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county ngayon.





## DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

Simula Hulyo 1, 2022, ang mga pagbabago sa limitasyon sa mga ari-arian ay maaaring mangahulugan na ikaw ay mag-kwalipika sa Medi-Cal. Tanungin ang lokal na tanggapan ng iyong county para sa karagdagang impormasyon. Hanapin ang lokal na tanggapan ng iyong county.

**Panatilihin ang iyong mga asset at mag-kwalipika pa rin sa Medi-Cal.**



Makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county ngayon.



## DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

Call Script Snippet	
Tumatawag	Ahente
Ano ang ibig sabihin ng “pagtaas ng limitasyon sa assets”?	<p>Binibilang ng Medi-Cal ang ilang partikular na uri ng asset upang tignan kung maaari ka bang makatanggap ng mga benepisyo ng Medi-Cal. Ang limitasyon sa mga bagay na maaari mong pagmamay-ari (tulad ng pera, account sa mga bangko, at iba pang uri ng ari-arian) ay \$2,000 para sa isang tao, ngunit ito ay tataas ng hanggang \$130,000 sa Hulyo 1, 2022.</p> <p>Tanungin ang lokal na tanggapan ng iyong Medi-Cal kung ang mga pagbabagong ito ay naaangkop sa iyo. [insert local county contact information]</p>
Ano ang Older Adult Expansion?	<p>Sa Mayo 2022, palalawakin ng Older Adult Expansion ang full scope Medi-Cal para sa lahat ng residente ng California na may edad 50 o higit pa kung makatugon sila sa lahat ng pamantayan ng Medi-Cal at hindi mahalaga ang estado sa imigrasyon.</p>
Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Older Adult Expansion?	<p>Ang impormasyon tungkol sa Older Adult Expansion ay matatagpuan sa website ng DHCS <a href="https://bit.ly/older-adult-expansion">https://bit.ly/older-adult-expansion</a>, sa <a href="#">ACWDL 21-13</a>, o sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa <a href="mailto:OlderAdultExpansion@dhcs.ca.gov">OlderAdultExpansion@dhcs.ca.gov</a>.</p>
Ano ang mga benepisyo na ibibigay ng Older Adult Expansion?	<p>Ang taong kwalipikado para sa full scope Medi-Cal dahil sa Older Adult Expansion ay makakatanggap ng lahat ng benepisyo ng full scope.</p> <p>Ang Full scope Medi-Cal ay iba kaysa restricted scope Medi-Cal. Sinasaklaw lamang ng restricted scope Medi-Cal ang limitadong bilang ng mga serbisyo. Hindi sinasaklaw ng restricted scope Medi-Cal ang mga bagay tulad ng medisina o pangunahing pangangalaga.</p> <p>Ang full scope Medi-Cal ay nagbibigay ng komprehensibong pangangasiwa sa kalusugan kasama ang medikal, ngipin, kalusugan ng kaisipan, pagpapalano ng pamilya, pangangalaga sa paa, makina sa pandinig, pangangalaga sa mata (salamin), kabilang ang mga serbisyo upang matulungan kang manatili</p>





## DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

	sa iyong tirahan tulad ng In-Home Supportive Services kung kailangan mo ng tulong sa iyong araw-araw na aktibidad. Sinasaklaw din ng full scope Medi-Cal ang paggamot para sa paggamit ng alcohol at droga, gamot na ibinigay ng iyong doktor, at marami pang iba.
--	--

<b>IVR Call Script</b>
Ang limitasyon sa iyong asset para sa programa ng Medi-Cal ay tataas simula Hulyo 1, 2022. Maaari kang magkaroon o mag-impok ng mas maraming pera o iba pang ari-arian pagkatapos nitong magsimulang tumaas. Tawagan ang lokal na tanggapan ng iyong county para sa karagdagang impormasyon.
Simula Mayo 1, 2022, ikaw ay maaaring mag-kwalipika para sa full scope Medi-Cal dahil sa Older Adult Expansion. Ang Older Adult Expansion ay lalawak sa full scope Medi-Cal para sa lahat ng karapat-dapat na residente ng California na edad 50 o higit pa kung siya ay nakatugon sa lahat ng pamantayan ng Medi-Cal at hindi mahalaga ang estado sa imigrasyon.
Ang mga bagong aplikante ay dapat mag-apply sa Medi-Cal upang malaman kung sila ba ay kwalipikado para sa full scope Medi-Cal dahil sa Older Adult Expansion. Awtomatikong maililipat ang kasulukuyang mga benepisyaryo ng Medi-cal sa buong pagiging karapat-dapat sa saklaw at magkaroon ng access sa mas maraming mga benepisyo sa pangangalaga sa kalusugan kapag ang Older Adult Expansion ay inimplementa na sa Mayo 1, 2022.